

Addendum sa Plano sa Partisipasyon ng Publiko

Sa Addendum na ito, ina-update ng Distrito ng Hangin ang Plano sa Partisipasyon ng Publiko nito para isama at ipatupad ang mga sumusunod para sa epektibong partisipasyon ng publiko na accessible sa lahat ng tao anuman ang kanilang lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasama ang mga taong hindi Bihasa sa Ingles (May Limited English Proficiency o LEP), kapansanan, edad, at kasarian sa tuwing may ginagawa ang Distrito ng Hangin na nangangailangan ng partisipasyon ng publiko o pakikibahagi ng publiko. Gagawin ng Distrito ng Hangin ang mga sumusunod:

a. Bibigyan ang mga indibidwal na may mga kapansanan ng pagkakataong ganap na makibahagi sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito sa pamamagitan ng pagsunod sa Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973;

b. Kikilalaning posibleng kailanganin ng mga indibidwal na may mga kapansanan ng mga accommodation o pagbabago na naaayon sa Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon para magkaroon ng patas na pagkakataong makibahagi o makinabang sa mga programa, serbisyo, at aktibidad para sa Tatanggap;

c. Kikilalaning may karapatan ang mga indibidwal na may mga kapansanan na humiling ng mga accommodation, at na makakatanggap ang mga indibidwal na iyon ng mga accommodation na naaangkop sa kanilang mga pangangailangan para ganap na makalahok o makinabang sa mga serbisyo at aktibidad para sa Tatanggap sa hindi mapandiskrimina at naka-integrate na paraan;

d. Magbibigay ng mga libre at naaangkop na pantulong na aid at serbisyo, kasama ang, halimbawa, mga kwalipikadong interpreter sa mga indibidwal na hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig, at sa iba pang indibidwal kung kinakailangan para matiyak ang epektibong komunikasyon o patas na pagkakataong ganap na makalahok sa mga programa, serbisyo, at aktibidad na ibibigay ng Tatanggap nang napapanahon at sa paraang poprotekta sa privacy at pagiging independent ng indibidwal;

e. Para sa lahat ng personal na meeting, tutukuyin ang (mga) lokasyon kung saan magsasagawa ng mga pampublikong meeting (nang isinasaalang-alang ang availability at mga iskedyul ng pampublikong transportasyon), at titiyaking nagbibigay-daan ang (mga) lokasyon sa makabuluhang partisipasyon/pakikibahagi ng mga indibidwal na may LEP at indibidwal na may kapansanan;

f. Titiyaking nakikita ang Plano sa Partisipasyon ng Publiko sa website ng Distrito ng Hangin at direkta itong naka-link at naa-access mula sa webpage ng Abiso Laban sa Diskriminasyon ng Distrito ng Hangin;

g. Titiyaking ang Plano sa Partisipasyon ng Publiko at ang link sa Plano sa Partisipasyon ng Publiko na naka-post sa website ng Distrito ng Hangin ay naa-access ng mga taong hindi bihasa sa Ingles, at nakasalin sa Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at iba pang naaangkop na wika na tutukuyin ng Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng isang kwalipikadong tagasalin; at

f. Magpapatupad ng Plano sa Pag-access ng Mga May Kapansanan ng Distrito ng Hangin para matiyak na may makabuluhang access sa mga programa at aktibidad para sa mga taong may kapansanan at matiyak na naisasapubliko ito at direkta itong naka-link at naa-access sa website ng Distrito ng Hangin.